Prologue

Kabadong nakatayo sa tapat ng isang pinto si Ariadne, hawak pasara ang suot niyang coat jacket sa ibabaw ng konserbatibong office attire. Mukha siyang librarian sa suot na white three-fourths sleeved blouse at paldang lampas-tuhod na tinernuhan niya ng kulay itim na pumps. Nakapusod ang kanyang buhok at natatakpan ng salamin ang kanyang bilugang mga mata.

Ang pinakahuling lugar na yatang dapat kinaroroonan niya ay ang harapan ng *Club Obsidian* na kilala bilang isa sa pinaka-notorious na mga lugar sa Maynila. Malamang sa buo pang Pilipinas.

Pero habang nakatayo sa tapat ng pinto ng club na nasa loob ng sleek at modernong *Obsidian Hotel,* hindi mo aakalaing lahat na yata ng Seven Deadly Sins ay nangyari na sa loob. Ayon kay Miss Chloe, ang girlfriend ng isa sa mga abogado sa law firm na pinagtatrabahuhan ni Ariadne na nagbigay sa kanya ng imbitasyon para makapasok sa *Obsidian*, ang pinakapaboritong *sin* daw roon ay *lust*.

It was time she experienced it herself.

At twenty-four, NBSB at virgin pa si Ariadne. She had never been beautiful even on a good day. Siguro puwede nang sabihing cute siya, maayos, malinis—pero walang

magsasabing maganda siya. Masyadong regular ang features niya at masyado siyang simple para maging maganda. Idagdag pang siya ang stereotypical na manang. Kung mayroong *Manang's Wear Department* sa *SM*, siya na ang image model niyon.

Dati naiisip niyang hindi hadlang na hindi siya kagandahan o mukha siyang manang manamit kung talagang darating ang Prince Charming niya. Apparently, naligaw na ito nang tuluyan at hindi na makakasipot. It was time she took matters into her own hands.

Hindi na naghihintay ng Prince Charming si Ariadne. All she wanted was a guy—a man—who knew what to do with his hands and his mouth and how to use them on a woman's body.

Huminga siya nang malalim. Itutuloy ba niya o hindi? Kung itutuloy niya, isang gabi lang naman iyon para matikman niya ang isang bagay na normally ay matagal nang natikman ng mga babaeng kasing-edad niya. Kung hindi, maghanda na lang siya na habambuhay na kasapi sa samahan ng mga kababaihang hindi nakatikim ng sex.

She bit her lip, squared her shoulders, and took a step forward. Bumukas ang pinto at pumasok si Ariadne.

Here's to her new life.